Grade 5

(GCED)

# Global Citizenship Education Lesson Exemplar

# ARALING PANLIPUNAN

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding, Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Araling Panlipunan
Grade Level: 5
Title: Pag-usbong ng Damdaming Nasyonalismo sa Pilipinas
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Christian Mac L. Juane

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Developmental Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Paul Gavasan, Maribeth A. Magpali, Mariles I. Sarmiento, Vergie R. Vergara, Ma. Eirish S. Zulueta, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Hel S. Patricio, Reynante M. Sofera, and Jinx D. Villas

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-92-9
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-055

**Learning Area:** Araling Panlipunan

**Grade Level:** 5

**Quarter:** 4th

**GCED Domain/s:** Cognitive and Socio-Emotional

**GCED Indicator/s:**

D1.1.d Analyze information from reliable relevant sources

D1.1.e Evaluate appropriate actions, consequences, and implications

D.2.1.d Value humanity and nation as basis for identity and citizenship

**GCED Topic/s:**

T1.1 Underlying assumptions and power dynamics

T2.1 Identity formation, protection, recognition, and advancement in multicultural societies

**Enhanced Content Standard/s:**

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa bahaging ginampanan ng kolonyalismong Espanyol at ang impluwensiya ng pandaigdigang reporma sa pag-usbong ng kamalayang pambansa na naaayon sa pagkakaisa, katarungan, at pagkakapantay-pantay tungo sa pagkabuo ng Pilipinas bilang isang nasyon.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Nakapagpapahayag ng pagmamalaki sa pagpupunyagi ng mga makabayang Pilipino sa gitna ng kolonyalismong Espanyol at sa mahalagang papel na ginagampanan nito sa pag-usbong ng kamalayang pambansa na naaayon sa pagkakaisa, katarungan, at pagkakapantay-pantay tungo sa pagkabuo ng Pilipinas bilang isang nasyon

**Time Allotment:**

40 minutes

# TABLE OF CONTENTS


| | |
|---|---|
| **Lesson Title** | 2 |
| **Lesson Introduction** | 3 |
| Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) | 3 |
| Pretest (What I Know / Subukin) | 4 |
| **Lesson Proper** | 5 |
| Review (What's In / Balikan) | 5 |
| Activity (What's New/ Tuklasin) | 6 |
| Discussion (What is It / Talakayin) | 7-13 |
| Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) | 14 |
| Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) | 15-16 |
| Application (What I Can Do / Isagawa) | 17 |
| Assessment / Tayahin | 18-22 |
| Answer Key / Susi sa Pagwawasto | 23 |
| References / Sanggunian | 24 |

# PAG-USBONG NG DAMDAMING

## NASYONALISMO SA PILIPINAS



# LESSON INTRODUCTION

Sa huling bahagi ng ika-19 na siglo, ang Pilipinas, na noo'y nasa ilalim pa rin ng pananakop ng mga Kastila, ay nakaranas ng iba't ibang mga pagbabago sa politika, ekonomiya, at maging sa lipunan at kultura nito. Ang mga pagbabagong ito ay nagdulot ng pag-usbong ng iba't ibang mga kilusan na naglayong ipanawagan ang pagkilala sa mga karapatan ng mga Pilipino, at kinalauna'y ang kalayaan ng Pilipinas mula sa pananakop.

Sa pamamagitan ng mga gawain sa Modyul na ito ay higit nating mauunawaan ang mga pangyayari sa panahon ng pagbabagong ito, at dahilan ng pag-usbong ng damdamin ng Pilipinong makamit ang kalayaan—ang nasyonalismo.

Tara, simulan na natin!

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Pagkatapos ng aralin sa Modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

- Napaghahambing ang kalagayang politikal, ekonomiko, panlipunan at kultural ng Pilipinas bago at mula nang magsimula ang kolonisasyon ng mga Kastila.

- Natutukoy ang mga dahilan ng pag-usbong ng damdaming nasyonalismo at pagbubuo ng pambansang pagkakakilanlan

- Nakagagawa ng isang School/Community Project (Be A Hero!) bilang pagpapahalaga at pagtulad sa papel na ginampanan ng mga sinaunang Pilipino sa pagkakamit ng kalayaan, katarungan at karapatang pantao na saligan ng pambansang pagkakakilanlan

# PRETEST

## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

*Kayo ba ay mayroon nang paunang kaalaman sa ating mga tatalakayin sa Modyul na ito? Tingnan natin sa pamamagitan ng pagsagot sa maikling pagsusulit sa ibaba!*

**Fact or Bluff**

Panuto: Suriin ang sumusunod na mga pahayag. Isulat ang FACT kung ang pahayag ay nagpapakita ng katotohanan at BLUFF naman kung hindi.

_______ 1. Nilayon ng Katipunan ang pagsusulong ng pagkakaroon ng kinatawan ng Pilipinas sa Cortes Generales ng Espanya.

_______ 2. Binuksan ang mga daungan ng Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan matapos ang pamamayagpag ng Kalakalang Galyon.

_______ 3. Ang pagbubukas ng Suez Canal noong 1869 ay nagdulot ng pagpapabilis ng paglalakbay sa pagitan ng Pilipinas at ng Europa.

_______ 4. Ang pag-unlad ng kalakalan noong ika-19 na siglo ay nagdulot ng mga pagbabago sa komunikasyon tulad ng sistema sa pagpapadala ng mga liham at telegrama.

_______ 5. Pinatawan ng parusang garrote ang mga paring sina Mariano Gomez, José Burgos at Jacinto Zamora (GomBurZa) matapos silang iugnay sa naganap na Pag-aalsa sa Cavite noong 1872.

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

Natatandaan mo pa ba ang iyong mga napag-aralan tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas sa Ikalimang Baitang? Subukin natin sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain sa ibaba!

**Maalaala Mo Kaya?**

Panuto: Sa patlang bago ang bawat bilang, lagyan ng bilog ◯ kung ang inilalarawan ng pahayag ay pangyayaring naganap bago dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, at krus ✚ naman kung pangyayaring naganap sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas.

______ 1. Itinatag ni Miguel López de Legazpi ang Maynila bilang punong-lungsod o kabisera ng Pilipinas noong Hunyo 24, 1571.

______ 2. Ipinatupad ang sistema kung saan ang mga Pilipino ay sapilitang pinagbabayad ng buwis na tinatawag na tributo para sa pamahalaan at simbahan.

______ 3. Nakikipagpalitan ang mga Pilipino ng mga produktong tulad ng ginto at pilak kapalit ng mga produktong dala ng mangangalakal mula Tsina, India at iba pang lugar.

______ 4. Naipakilala ang relihiyong Islam sa katimugang bahagi ng Pilipinas noong ika-14 na siglo sa pamamagitan ng iskolar at misyonerong Arabe na si Karim ul-Makhdum.

______ 5. Ang mga produktong mula sa Pilipinas tulad ng abaca at maging mga produktong mula sa Asya ay ikinakalakal patungong Mexico sa pamamagitan ng malalaking barkong tinatawag na galyon.

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

**Anong Nangyari?**

Panuto: Kumpletuhin ang Timeline sa pamamagitan ng paglalagay ng letra ng tamang pangyayari sa petsa kung kailan ito naganap. Piliin ang letra ng tamang sagot mula sa mga pagpipilian.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ______1. | **Setyembre 6, 1834** | A. | Pagbitay sa GomBurZa |
| ______2. | **Agosto 1, 1851** | B. | Pagkakatatag ng Katipunan |
| ______3. | **Pebrero 1, 1854** | C. | Pagkakatatag ng La Liga Filipina |
| ______4. | **Hunyo 23, 1869** | D. | Unang paglalathala ng La Solidaridad |
| ______5. | **Nobyembre 17, 1869** | E. | Pagkakatatag ng Banco Español-Filipino |
| ______6. | **Enero 20, 1872** | F. | Pagkakatatag ng Postal System sa Pilipinas |
| ______7. | **Pebrero 17, 1872** | G. | Pagbubukas ng Suez Canal |
| ______8. | **Pebrero 15, 1889** | H. | Pag-aalsa sa Cavite |
| ______9. | **Hulyo 3, 1892** | I. | Pagtatalaga kay Carlos Maria de la Torre bilang Gobernador-Heneral |
| ______10. | **Hulyo 7, 1892** | J. | Pagbubukas ng mga daungan ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kalakalan |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Napagsunod-sunod mo ba ang mga pangyayari sa Timeline? Bago natin isa-isahin ang mga pagbabagong naganap sa ika-19 na siglo sa Pilipinas, atin munang tingnan ang kalagayan ng Pilipinas bago at nang magsimula ang pananakop ng mga Kastila.

Maraming pagbabago ang naganap sa politika, ekonomiya, lipunan at kultura ng Pilipinas mula sa pagdating ni Ferdinand Magellan noong 1521 at ang kasunod nitong pagsisimula ng pananakop at pagtatatag ng kolonya ng mga Kastila sa kalagitnaan ng ika-16 na siglo. Makikita sa talahanayan sa ibaba ang mga pangunahing pagbabagong ito:

| Aspekto | Kalagayan ng Pilipinas Bago Dumating ang mga Kastila | Kalagayan ng Pilipinas Sa Pagdating ng mga Kastila |
|---|---|---|
| Politikal | ·Ang Pilipinas ay binuo ng maraming mga barangay na pinamumunuan ng mga datu.<br><br>·Umusbong ang mga maiimpluwensyang lugar tulad ng Tondo at Sugbu (Cebu) na pinamunuan ng mga lakan at rajah, at Sulu na pinamunuan ng mga sultan. | ·Ang Pilipinas ay naging isang kolonya ng Espanya na pinamamamahalaan ng Hari sa pamamagitan ng gobernador-heneral na siyang mayroong kapangyarihang ehekutibo at hudisyal (Real Audiencia).<br><br>·Nahati ang kolonya ng Pilipinas sa pamamahalang lokal ng mga lalawigan (alcaldia), corregimiento, at mga lungsod (ayuntamiento). |
| Ekonomiko | · Ang mga pangunahing gawaing ekonomiko ng mga sinaunang Pilipino ay ang pagsasaka, pangingisda, pagmimina at pagtotroso para sa paggawa ng mga sasakyang pandagat.<br><br>· Nakikipagpalitan ang mga Pilipino ng mga produktong tulad ng ginto at pilak kapalit ng mga produktong dala ng mangangalakal mula Tsina, India at iba pang lugar. | ·Ipinakilala ang sistemang encomienda kung saan ang mga lupain ay ipinamahagi at pinamahalaan ng mga Kastila at mga Pilipinong tapat sa Hari ng Espanya (principalia), at ang sistema ng sapilitang paggawa (polo y servicio).<br><br>·Nagkaroon ng tinatawag na Kalakalang Galyon kung saan ang mga produktong mula sa Pilipinas tulad ng abaca at maging mga produktong mula sa Asya ay ikinakalakal patungong Mexico sa pamamagitan ng malalaking barkong tinatawag na galyon. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

| Aspekto | Kalagayan ng Pilipinas Bago Dumating ang mga Kastila | Kalagayan ng Pilipinas Sa Pagdating ng mga Kastila |
|---|---|---|
| Panlipunan | ·Ang lipunan ay nahahati sa mga maginoo, maharlika, timawa at mga alipin o uripon.<br><br>·Pantay ang pagturing sa mga kalalakiha't kababaihan sa lipunang Pilipino. | ·Higit na nakaangat sa lipunan ang mga namumunong Peninsulares (mga Kastilang ipinanganak sa Espanya), mga Insulares (Kastilang ipinanganak sa Pilipinas) at ang Principalia (mga Pilipinong bahagi ng naghaharing uri) kaysa mga Mestizos (mga may halong lahing Pilipino, Kastila at/o Tsino) at Indios (mga katutubong Pilipino)<br><br>·Ang mga kababaihan ay itunuturing na nasasailalim ng kalalakihan at inaasahan sa tahanan bilang mga ina at sa pamumuhay na relihiyoso. |
| Kultural | ·Naniniwala ang mga Pilipino sa mga diyos at diyosa na sinasamba batay sa pamumuhay ng mga tao.<br><br>·Naipakilala at nagkaroon ng impluwensya sa mga bahagi ng Pilipinas ang relihiyong Hinduismo, Budismo at Islam.<br><br>·Ang wika, sining, teknolohiya maging ang mga kostumbre ay may mga pagkakatulad sa ibang bahagi ng Timog Silangang Asya at mayroong impluwensya bunga ng pakikipagpalitan sa Srivijaya, Majapahit, Brunei, Tsina, India at iba pang lugar. | ·Ipinakilala ng mga Kastila ang pananampalatayang Katolisismo sa mga Pilipino at masigasig na sinimulan ang pagtatayo ng mga simbahan at institusyong panrelihiyon tulad ng mga paaralan at kumbento.<br><br>·Dahil sa naipakilalang impluwensya ng kultura ng Espanya at ng Europa, nagkaroon ng mga pagbabago sa sining at mga kostumbre ng Pilipino. Ilan dito ay ang pagkakaroon ng mga fiesta, moro-moro at zarzuela, pagsusuot ng barong at camisa, at ang pagpapakilala ng mga salitang nagmula sa wikang Kastila. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Ang mga pagbabagong naganap sa pagdating ng mga Kastila ay nagdulot ng positibo at negatibong epekto sa Pilipinas at sa mga Pilipino. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay naging dahilan upang patuloy na magkaroon ng iba't ibang pag-aalsang naganap sa iba't ibang panahon sa mahigit tatlong siglong pananakop ng mga Kastila.

Sa pagdating ng ika-19 na siglo ay bumilis ang antas ng mga pagbabagong naganap hindi lamang sa Pilipinas kundi pati sa malaking bahagi ng daigdig. Ang mga pagbabagong ito ang nagpalakas sa pagnanais ng mga Pilipino ng higit na pagbabago, karapatan, at kalayaan—ang damdaming nasyonalismo.

**Ano ang Nasyonalismo?**

Ang nasyonalismo o pagkamakabansa ay ang pagmamahal at pagsusulong ng ideya ng pagbuo ng isang bansa na binubuo ng iba't ibang mga pangkat etniko at relihiyon na mayroong mga pagkakatulad sa kultura, wika, at pagnanais ng kalayaan.

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Setyembre 6, 1834**

**Pagbubukas ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kalakalan**



Sa pagtatapos ng Kalakalang Galyon ay nanatiling limitado ang Pilipinas sa pakikipagpalitan ng mga produkto sa ibang kolonya ng Espanya.

Sa kautusan ng Reyna Isabel II ay binuksan ang daungan ng Maynila noong 1834 para sa pandaigdigang kalakalan. Ito ay sinundan naman ng Sual (Pangasinan), Iloilo at Zamboanga noong 1855, at Tacloban at Legazpi noong 1873.

**Agosto 1, 1851**



**Pagkakatatag ng *Banco Español-Filipino***

Ang pagbubukas at pag-unlad ng kalakalan sa Pilipinas ay nagdulot ng pagbubukas ng mga bangko. Unang itinatag noong 1851 ang *Banco Español-Filipino*, na sinundan ng *Monte de Piedad* noong 1882. Nagbukas rin sa Pilipinas ang mga dayuhang bangko tulad ng *Chartered Bank of India, Australia and China* noong 1873 at ang *Hongkong and Shanghai Banking Corporation* noong 1876.

**Pebrero 1, 1854**




**Pagkakatatag ng *Postal System* sa Pilipinas**

Nagkaroon din ng mga pagbabago sa komunikasyon sa ika-19 na siglo. Itinatag noong 1854 ang sistema ng pagpapadala ng mga liham sa buong Pilipinas.

Kasunod nito ang pagkakaroon ng serbisyong telegrama sa Maynila noong 1872, na kinalauna'y naka-konekta sa buong kapuluan at maging sa Hong Kong at iba pang bahagi ng Asya at Europa.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Hunyo 23, 1869**

**Pagtatalaga kay Carlos Maria de la Torre bilang Gobernador-Heneral**



Noong 1868 ay nagkaroon ng himagsikan sa Espanya kung saan ay pinaalis si Reyna Isabel II upang makapagtatag ng isang Republika.

Ang bagong pamahalaang liberal ay ipinadala si Carlos Maria de la Torre upang mamahala bilang gobernador-heneral. Ipinakilala niya ang ilang polisiya tulad ng pagtatanggal ng limitasyon sa mga pahayagan at pagtatapos ng mga kaguluhan sa mga bahagi ng Luzon, na siyang kinatuwa ng mga Pilipino at Kastilang liberal.

**Nobyembre 17, 1869**



**Pagbubukas ng *Suez Canal***

Ang huling bahagi ng ika-19 na siglo ay naging hudyat din upang magkaroon ng malawakang pagbabago sa transportasyon. Isa na rito ay ang pagbubukas ng *Suez Canal* sa Egypt noong 1869. Sa pagbubukas nito ay umiksi ang paglalayag mula Pilipinas patungong Europa at naging isang buwan na lamang.


Sa Pilipinas mismo ay nagkaroon ng unang tren mula Maynila patungong Dagupan, Pangasinan noong 1892.

Kasabay ng pagpasok ng mga pagbabago sa ekonomiya, transportasyon, komunikasyon at iba pang larangan ay ang pagpasok din ng mga ideya at impormasyon mula sa Europa at sa ibang bahagi ng daigdig. Ang higit na nakatanggap ng mga ideya't impormasyon na ito ay ang isang bagong pangkat ng mga mestisong Tsino at katutubo (Indio) na kabilang sa gitnang uri. Sila ay tinawag na mga ilustrado, na nangangahulugang "naliwanagan."

Sila ay bahagi ng mga kilusang nagpausbong ng damdaming nasyonalismo at nagsulong ng pagbabago, mga karapatan, at kalayaan.


# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

| Pangalan ng Kilusan | Layunin at Pagkilos ng Kilusan | Mga Kilalang Bahagi / Kasapi | Epekto ng Pagkilos |
|---|---|---|---|
| **Kilusang Sekularisasyon** | • Pagpapahintulot sa mga paring sekular o Pilipino na mamahala ng mga parokya | GomBurZa<br>- Mariano Gomez<br>- José Burgos<br>- Jacinto Zamora<br> | **Enero 20, 1872**<br>• Nagkaroon ng Pag-aalsa sa Cavite ang mga kawal at manggagawa sa arsenal dahil sa pagtanggal ng pribelihiyo nilang hindi pagbabayad ng buwis<br>**Pebrero 17, 1872**<br>• Pagpapataw ng parusang garrote sa GomBurZa na idinawit bilang sangkot sa Pag-aalsa sa Cavite |
| **Kilusang Propaganda**<br><br>La Solidaridad<br>Quincenario democrático. | • Reporma tulad ng pagkakaroon ng kinatawan ng mga Pilipino sa *Cortes Generales* ng Espanya<br>• Pantay na pagtingin at oportunidad sa mga Pilipino<br>• Paggawad ng mga karapatan sa mga Pilipino tulad ng pagpapahayag ng saloobin<br>• Paglalathala ng pahayagang ***La Solidaridad*** noong **Nobyembre 15,** | <br>Graciano López-Jaena<br><br>Marcelo del Pilar<br><br>Mariano Ponce<br>José Rizal | • Pagbubunyag sa kalagayan ng Pilipinas sa pamamahalang kolonyal ng Espanya at ang mga kalupitang sinapit ng mga Pilipino |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

| | **1889** | | |
|---|---|---|---|
| ***La Liga Filipina***<br>• itinatag noong **Hulyo 3, 1892** | • Pagkakaisa ng buong kapuluan ng Pilipinas at pagkakamit ng mga reporma | <br>José Rizal<br>Marcelo del Pilar<br><br>Apolinario Mabini | • Pagkakaaresto kay Jose Rizal noong Hulyo 6, 1892 at pagpapatapon sa Dapitan<br>• Pag-usbong ng mga Pilipinong nagsusulong ng mapayapang reporma at ang mga sang-ayon sa pagkakamit ng kalayaan sa pamamagitan ng himagsikan |
| **Katipunan**<br>• itinatag noong **Hulyo 7, 1892** | • Pagkakamit ng kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya sa pamamagitan ng himagsikan | <br>Andres Bonifacio<br><br>Deodato Arellano | • Paglulunsad ng himagsikan sa Pugadlawin noong **Agosto 1896** |

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

**Panuto:** Punan ang sumusunod na patlang upang madugtungan at mabuo ang pahayag sa bawat bilang.

1. Ang mga pagbabagong ipinakilala sa Pilipinas ay ______________________________ ______________________________________________________________________

2. Napadali ang komunikasyon sa Pilipinas at sa ibang bansa sa pagpapakilala ng ____________________________________________________________.

3. Ang transportasyon sa pagitan ng Pilipinas at sa ibang bansa ay lalong napadali sa pamamagitan ng ______________________________________ ______________________________________________________________.

4. Nabuo ang mga kilusang nagpausbong ng damdaming nasyonalismo tulad ng ______________________________________________________________.

5. Nilayon ng iba't ibang kilusang nabuo sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo na makamit ng mga Pilipino ang ________________________ ______________________________________________________________.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

Inyong natutuhan ang mga pagbabagong at pagkilos na naganap sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo sa Pilipinas.

Ano ang kahalagahan nito para sa atin? Tara, tingnan natin!

**Suring Awit: Bayan Ko**

**Panuto:** Pakinggan at basahin nang maigi ang nilalaman ng awiting "Ako'y Isang Mabuting Pilipino" ni Noel Cabangon. Mula rito, sumulat ng isang maikling repleksyon sa tanong na nasa ibaba.

| **Para sa iyo, ano ang kahulugan ng pagiging isang Pilipino?** |
|---|

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

**Ako'y Isang Mabuting Pilipino**

Letra: Noel Cabangon

Chorus:
Ako'y isang mabuting Pilipino
Minamahal ko ang bayan ko
Tinutupad ko ang aking mga tungkulin
Sinusunod ko ang kanyang mga alitun-
tunin

I.
Tumatawid ako sa tamang tawiran
Sumasakay ako sa tamang sakayan
Pumipila at 'di nakikipag-unahan
At 'di ako pasiga-siga sa lansangan

Bumababa't nagsasakay ako sa tamang
sakayan (Nagbababa ako sa tamang
babaan)
'di nakahambalang parang walang paki-
aalam
Pinagbibigyan kong mga tumatawid sa
kalsada
Humihinto ako 'pag ang ilaw ay pula

(Chorus)

II.
'Di ako nagongotong o nagbibigay ng
lagay
Ticket lamang ang tinatanggap kong
ibinibigay
Ako'y nakatayo doon mismo sa kanto
At 'di nagtatago sa ilalim ng puno

'Di ako nagkakalat ng basura sa lansan-
gan
'Di bumubuga ng usok ang aking sa-
sakyan
Inaayos ko ang mga kalat sa basurahan
Inaalagaan ko ang ating kapaligiran

(Chorus)

III.
Lagi akong nakikinig sa aking mga ma-
gulang
Kaya't pag-aaral ay aking pinagbubuti-
han
'di ako gumagamit ng bawal na gamot
O kaya'y tumatambay at sa eskwela'y 'di
pumapasok

Ipinagtatanggol ko ang aking karan-
galan
'pagkat ito lamang ang tangi kong kaya-
manan
'di ko ibinebenta ang aking kinabukasan
Ang boto ko'y aking pinahahalagahan

(Chorus)

IV.
Ako'y isang tapat at totoong lingkod ng
bayan
Pabor o lagay ay 'di ko pinapayagan
Tapat ang serbisyo ko sa mamamayan
'Di ko ibinubulsa ang pera ng bayan

Ipinagtatanggol ko ang mamamayang
Pilipino
Mga karapatan nila'y kinikilala ko
Iginagalang ko ang aking kapwa tao
Ipinaglalaban ko ang dangal ng bayan
ko.

(Chorus)

'Pagkat ako'y isang mabuting Pilipino.

# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)


**Tandaan!**

Mahalaga na nauunawaan natin na tayo ay kabilang sa ating komunidad, bansa at daigdig. Bilang bahagi nito, marapat lamang na tayo ay kumikilos, kahit sa simpleng mga pamamaraan para sa ikabubuti nito pati na rin ng mga kapwa nating tao na kabilang din dito.

**Ang Aking Ambag**

**Panuto:** Pumili ng isang (1) gawain na sa iyong palagay ay maaari mong magawa sa inyong tahanan, paaralan o komunidad upang makatulong na maisulong ang patuloy na kalayaan at karapatan sa Pilipinas at sa buong daigdig. Isulat ito sa pagitan ng dalawang kamay sa ibaba.

Tandaan na kahit ang mga simpleng pamamaraan ay malaki ang maitutulong!



# ASSESSMENT

## TAYAHIN

### Pagsusulit

**Panuto:** Suriin nang mabuti ang bawat tanong o pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

______ 1. Sa bayang ito nagtapos ang ruta ng kauna-unahang tren na naitayo sa Pilipinas noong 1892 na nagmumula sa Maynila.

A. Dagupan
B. Iloilo
C. Sual
D. Tacloban

______ 2. Sila ang bagong pangkat ng mga mestisong Tsino at katutubo na kabilang sa gitnang uri at higit na tumanggap sa mga bagong ideya at impormasyon mula sa Europa.

A. alcaldias
B. gobernadorcillos
C. ilustrados
D. peninsulares

______ 3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pagbabago sa komunikasyon na ipinakilala sa Pilipinas noong ika-19 na siglo?

A. Kalakalang Galyon
B. Monte de Piedad
C. Suez Canal
D. Telegrama

______ 4. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing layunin ng Kilusang Sekularisasyon?

A. Pagkakaroon ng kinatawan ng mga Pilipino sa Cortes ng Espanya
B. Pagkakaisa ng buong kapuluan ng Pilipinas at pagkakamit ng mga reporma
C. Pagpapahintulot sa mga paring sekular o Pilipino na mamahala ng mga parokya
D. Pagkakamit ng kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya sa pamamagitan ng himagsikan

______ 5. Ang sumusunod ay naging mga bahagi ng Kilusang Propaganda MALIBAN KAY:

A. Apolinario Mabini.
B. Graciano López-Jaena.
C. Marcelo del Pilar.
D. Mariano Ponce.

______ 6. Isinulong ng iba't ibang kilusan ang nasyonalismo o ang pagmamahal at pagsusulong ng ideya ng pagbuo ng isang bansa. Ang sumusunod ay pagpapakita ng nasyonalismo MALIBAN SA

A. paglalathala ng pahayagang La Solidaridad.
B. paglulunsad ng himagsikan sa Pugadlawin noong Agosto 1896.
C. pagkakaroon ng mga Pilipinong kinatawan sa Cortes Generales.
D. pagsasama-sama ng mga Pilipinong nagsusulong ng reporma at mga Pilipinong nagsusulong ng himagsikan.

______ 7. Ang sumusunod ay mga pagbabago sa pamamahalang liberal ni Carlos Maria de la Torre.

I. Pagbubukas ng unang bangko sa Pilipinas
II. Pagtatanggal ng limitasyon sa mga pahayagan
III. Pagtatapos ng mga kaguluhan sa mga bahagi ng Luzon
IV. Pagpapatupad ng kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Mexico

A. I at II
B. I at III
C. II at III
D. II at IV

______ 8. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pagbabagong naganap noong ika-19 na siglo?

I. Pagtatatag ng organisasyong La Liga Filipina
II. Pag-aalsa ng mga kawal at manggagawa ng arsenal sa Cavite
III. Pagbubukas ng daungan ng Maynila sa pandaigdigang kalakalan
IV. Pagkokonekta ng Maynila sa sistemang telegrama patungong Hong Kong

A. I, II, III, IV
B. II, I, IV, III
C. III, IV, II, I
D. IV, III, II, I

______ 9. Paano nakaapekto ang pagdating ng mga Kastila sa kabuhayan ng mga Pilipino?

A. Nagbahagi ng mga lupain sa mga Kastila at mga Pilipinong tapat sa Hari ng Espanya o principalia.
B. Itinatalaga ng hari ang gobernador-heneral ng kolonya sa pamamagitan ng paglalayag patungong Maynila.
C. Nagkaroon ng pagpapalitan ng mga produktong tulad ng ginto at pilak kapalit ng mga produktong dala ng mangangalakal mula Tsina, India at iba pang lugar.
D. Yumabong ang kalakalan ng mga produkto tulad ng abaca patungo sa Mexico at iba pang mga kolonya gamit ang malalaking barkong tinatawag na galyon.

______ 10. Naganap ang maraming pagbabago sa iba't ibang aspekto sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas, at ang mga ito ay nagdulot ng mga positibo at negatibong epekto sa mga Pilipino. Ano ang mahihinuha mula sa pahayag na ito?

A. Nagkaroon ng himagsikan sa Espanya kung saan ay pinaalis si Reyna Isabel II upang makapagtatag ng isang Republika.
B. Naging dahilan ang ilan sa mga pagbabagong naganap upang patuloy na magkaroon ng iba't ibang pag-aalsa ang mga Pilipino laban sa pananakop ng mga Kastila.
C. Mayroong mga ilustrado na sumang-ayon sa pagsusulong ng reporma at mayroon ding mga sumang-ayon sa pagsusulong ng kalayaan sa pamamagitan ng himagsikan.
D. Sa pagpapakilala ng pananampalatayang Katolisismo sa Pilipinas ay naging masigasig ang mga Kastila sa pagtatayo ng mga simbahan at institusyong panrelihiyon tulad ng mga paaralan at kumbento.

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**Performance Task: School / Community Project (Be A Hero!)**

| | |
|---|---|
| **Layunin (Goal)** | Nakagagawa ng isang School / Community Project bilang pagpapahalaga at pagtulad sa papel na ginampanan ng mga sinaunang Pilipino sa pagkakamit ng kalayaan, katarungan at karapatang pantao na saligan ng pambansang pagkakakilanlan |
| **Gampanin (Role)** | Ikaw ay isang youth leader na naglalayong magsagawa ng proyekto sa inyong paaralan o komunidad na katulad ng mga ginawa ng mga naunang bayani |
| **Mga Manonood (Audience)** | Ang School / Community Project ay isasagawa, at magiging kapaki-pakinabang sa, iyong paaralan o komunidad. |
| **Sitwasyon (Situation)** | Bilang pagkilala, pagpapahalaga at pagtulad sa papel na ginampanan ng mga naunang bayaning Pilipino sa pagkakamit ng kalayaan, katarungan at karapatan, na siyang batayan ng ating pagiging Pilipino, sa iyong sarili at simpleng pamamaraan bilang isang mag-aaral, ikaw ay magsasagawa ng isang proyekto na magiging kapaki-pakinabang sa iyong paaralan o komunidad. |
| **Produkto (Product)** | Ikaw ay magsasagawa ng isang School / Community Project bilang pagtugon sa pangangailangan ng inyong paaralan o komunidad. |
| **Pamantayan (Standards)** | Gamitin ang rubric sa pagmamarka at sundin ang mga gabay sa paggawa ng School / Community Project |

**Mga Hakbang sa Pagbuo ng School / Community Project**

1. Ang Performance Task na ito ay maaaring gawin ng indibidwal o ng pangkat ng dalawa (2) hanggang limang (5) mag-aaral.
2. Mag-isip ng isang simpleng gawain na sa tingin ninyo ay makatutulong sa inyong paaralan o komunidad kapag ito ay inyong isinagawa.
3. Sa isang Short Bond Paper o Intermediate Pad Paper na naka-portrait orientation o pahalang, bumuo ng table o talahanayan na naglalaman ng sumusunod:
   - Pangalan ng School / Community Project
   - Rationale / Katuturan (Dahilan bakit kailangang isagawa ang proyekto)
   - Layunin ng School / Community Project
   - Petsa at Lugar kung saan sa Paaralan o Komunidad gagawin ang Proyekto
   - Mga kakailanganing Materyales
4. Ipasa ito sa inyong Guro sa Araling Panlipunan. Humingi ng kinakailangang tulong sa inyong Guro, magulang at sa ibang kinauukulan sa pagsasagawa ng School / Community Project.

# ASSESSMENT
## TAYAHIN

**Halimbawa ng School / Community Project**

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Proyekto | Ready, Plant, Go! |
| Rationale / Katuturan | Mahalaga ang pagtatanim ng mga halaman, kabilang na ang mga gulay. Ito ay makatutulong hindi lamang upang tayo ay magkaroon ng karagdagang pagkain, kundi upang tayo rin ay magkaroon ng mas malinis na hangin at kapaligiran.<br><br>Ang pagiging makakalikasan o ang pagkakaroon ng pagmamahal sa kapaligiran ay kaugnay ng pagmamahal sa bayan. Ito ay binigyang halimbawa ng bayaning si Jose Rizal, na noong ipinatapon ng mga Kastila sa Dapitan ay hindi nagsayang ng oras at lumahok sa iba't ibang gawain sa komunidad, kasama na ang pagtatanim ng mga puno at mga halaman. |
| Layunin ng Proyekto | Nilalayon ng proyektong ito na:<br><br>•Maisulong ang pagmamahal sa kalikasan sa pama magitan ng pagtatanim ng mga gulay sa paaralan |
| Petsa at Lugar ng Proyekto | Oktubre 15, 2021 (Biyernes), 8:00 n.u.<br>School Garden, Parañaque Elementary School – Central |
| Mga Kakailangan-ing Materyales | Mga Buto ng Gulay (hal. Ampalaya, Okra, Kamatis)<br>Gardening Shovel (Pala)<br>Pandilig ng Halaman (Regadera)<br>Organiko o Natural na Fertilizer (Pataba ng Lupa)<br>Guwantes para sa pagtatanim |

**Rubric sa Pagmamarka ng School / Community Project**

| Pamantayan sa Pagmamarka | 10 Puntos | 7 Puntos | 5 Puntos | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman<br>Kasama rito ang malinaw na paglalarawan at detalye ng isasagawang proyekto | Ang School / Community Project ay malinaw ang paglalarawan at ang mga detalye. | Mayroong isa (1) o dalawang (2) paglalarawan o detalye ang School / Community Project na kinakailangan ng higit na paglilinaw. | Mayroong tatlo (3) o higit pang paglalarawan o detalye ang School / Community Project na kinakailangan ng higit na paglilinaw. | |
| Layunin at Produkto<br>Kasama rito ang malinaw na paglalahad ng layunin at nais isagawa (produkto) ng proyekto | Malinaw na nailalahad ang lahat ng mga layunin at nais isagawa (produkto) ng proyekto | Mayroong isa (1) o dalawang (2) layunin at/o nais isagawa (produkto) ang proyekto na kinakailangan ng higit na paglilinaw. | Mayroong tatlo (3) o higit pang layunin at/o nais isagawa (produkto) ang proyekto na kinakailangan ng higit na paglilinaw. | |
| Paglahok ng mga Mag-aaral<br>Kasama rito ang malinaw na papel na gagampanan at ang pagsunod sa gampanin ng mag-aaral at mga kalahok | Malinaw at naisagawa ng lahat ng mga mag-aaral at kalahok ang kanilang gampanin sa proyekto | Mayroong isa (1) o dalawang (2) kalahok sa proyekto na hindi naisagawa at/o malinaw ang gagampanan | Mayroong tatlo (3) o higit pang kalahok sa proyekto na hindi naisagawa at/o malinaw ang gagampanan | |
| | | | **KABUUANG ISKOR** | |

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

Subukin (Fact or Bluff)

1. BLUFF
2. FACT
3. FACT
4. FACT
5. FACT

Balikan (Maalaala Mo Kaya?)

1. ✚
2. ✚
3. ○
4. ○
5. ✚

Tuklasin (Anong Nangyari?)

1. J.
2. E.
3. F.
4. I.
5. G.
6. H.
7. A.
8. D.
9. C.
10. B.

Tayain (Pagsusulit)

1. A.
2. C.
3. D.
4. C.
5. A.
6. C.
7. C.
8. C.
9. D.
10. B.

# REFERENCES

## SANGGUNIAN

Agoncillo, T. (1984). Kasaysayan ng Bayang Pilipino, 4th ed. Quezon City: Garotech Publishing

Agoncillo, T. and Mangahas, F. (2010). Philippine History, Expanded and Updated Edition. Quezon City: C & E Publishing, Inc.

비매품/무료

13370

9 791187 819929

ISBN 979-11-87819-92-9